Social Sciences and Development Review
Volume 17, No. 2, 2025

Polytechnic
University of the
Philippines




# Karanasan ng Piling Pamilyang Pilipino sa Panahon ng Pandemya: Alaala ng Enhanced Community Quarantine sa Metro Manila

## *Encounter of Selected Filipino Families During Pandemic: Memories of the Enhanced Community Quarantine in Metro Manila*

**Glenda D. Salorsano**
Polytechnic University of the Philippines

**DOI:** https://doi.org/ 10.70922/nqcrkj27

Submit to this journal

Other related articles

**Announcements**

Other PUP Journals

**Article History:**

Received: January 9, 2025
Accepted: November 18, 2025

**How to Cite this paper:**

Salorsano, G. D. (2025). Karanasan ng piling pamilyang Pilipino sa panahon ng pandemya: Alaala ng enhance community quarantine sa Metro Manila. *Social Sciences and Development Review, 17*(2), 0–0. https://doi.org/10.70922/nqcrkj27

**Other citation formats:**

MLA Chicago

Please contact the publisher for any further use of this work at socialsciencesreview@pup.edu.ph.

Copyright © 2025 CC BY-NC 4.0

# Karanasan ng Piling Pamilyang Pilipino sa Panahon ng Pandemya: Alaala ng *Enhanced Community Quarantine* sa Metro Manila

## *Encounter of Selected Filipino Families During Pandemic: Memories of the Enhanced Community Quarantine in Metro Manila*

**Glenda D. Salorsano**
Polytechnic University of the Philippines
gdsalorsano@pup.edu.ph

**ABSTRAK**

Naging pandaigdigang penomenon ang pagkalat ng COVID-19 sa buong mundo. Bawat bansa ay humarap sa iba't ibang hamon dulot nito na siyang nagpatingkad sa kakayahan at kahinaan ng bawat bansang nakipagbuno rito. Hindi lamang ito naging pangmalawakang dagok sa sektor ng kalusugan, naging daan ito upang maihayag kung ano-ano pang mga aspekto sa lipunan ang nararapat na bigyan-pansin. Nagbigay-daan ang kaganapang ito upang kongkretong makita ang iba pang kakulangan sa mahahalagang sektor sa lipunan na siyang kaakibat ng pagtugon sa pandemya. Kabilang rito ang mga imprastruktura, pampublikong transportasyon, pampublikong seguridad, karapatang pantao, pagtamasa o akses sa sapat at maayos na pagkain ng bawat pamilya, at tulong pinansiyal mula sa gobyerno.

Ang papel na ito ay magbibigay-pokus sa personal na karanasan ng piling barangay sa ika-6 na distrito ng Maynila partikular sa Sta. Mesa, Maynila sa kasagsagan ng *Enhanced Community Quarantine* noong taong 2020 kung saan limitado ang galaw/kilos ng sambahayang Pilipino sa kalakhang Maynila. Layunin din ng papel na ito na matukoy ang demograpikong propayl ng mga piling sambahayan mula sa magkakaibang barangay sa ika-6 na distrito ng Maynila; malaman ang kanilang karanasan at kalagayan lalo na sa aspektong pagtamasa/akses sa mga tulong mula sa pamahalaan na dumadaan sa multisektoral na lebel sa pamamagitan ng kani-kanilang mga *Local Government Unit (LGU)*.

**Mga Susing salita:** *Enhanced Community Quarantine, COVID-19,* Pandemya, Ayuda, *Local Government Units*

## ABSTRACT

*The global spread of COVID-19 has become a worldwide phenomenon. Every country faced different challenges brought by the pandemic in which highlighted the strengths and weaknesses of each nation in combating the virus. It not only became a widespread blow to the health sector but also paved the way for the revelation of other social aspects that need attention. This occurrence allowed the concrete identification of other deficiencies in crucial sectors of society that are associated with pandemic response. These include infrastructure, public transportation, public safety, human rights, and access to sufficient and proper food for every family, and financial assistance from the national government.*

*This paper will focus on the personal experience of selected Barangays in the 6th district of Manila, particularly Sta. mesa, Manila during the peak of Enhanced Community Quarantine in 2020, where the movement of Filipino households in the metro were limited. The paper also aims to identify the demographic profile of selected households from selected barangay, understand their experiences and conditions especially in terms of accessing assistance from the government that passes through multisectoral levels through their respective Local Government Units (LGUs).*


**Keywords:** *Enhanced Community Quarantine, COVID-19, Pandemic, Assistance, Local Government Unit*

## INTRODUKSYON

Pagpasok ng taong 2020, positibong sinalubong ng bawat pamilyang Pilipino ang bagong taon na may ngiti at pag-asang sisilay sa panibagong taong ito ang pag-asenso at kaayusan sa mga susunod na mga panahon. Ngunit hindi pa man natatapos ang unang buwan ng bagong taon, sinalubong na agad ng mga kaganapang yumanig sa kalagayan ng bawat pamilyang Pilipino. Naitala ang pagsabog ng Bulkang Taal na nagdulot ng pinsala sa ilang bahagi ng lalawigan ng Batangas gayon din sa karatig nitong lalawigan na Cavite. Hindi pa man nakakabangon sa mga pinsala, humagupit ang isang pandemya hindi lamang sa ilang bahagi ng bansa kung hindi malawakan at pandaigdigang penomenon na nagpahinto sa pag-inog ng mundo.

Buwan ng Marso nang ianunsyo ang pagkakaroon ng Community Quarantine at unti-unti itong nagkaroon ng bagon bihis. Kasabay ng pagpapalit-palit ng mga titik ay ang taglay

nitong kahulugan na nagpapamalas ng kapangyarihan ng estado sa pagpigil sa pagkalat ng sakit sa buong kapuluan.

Ang unang naitalang kaso ng COVID-19 ay noong Disyembre 2019 nang ipinagbigay alam sa World Health Organization (WHO) ang kaso ng sakit na *pneumonia* na hindi malaman ang sanhi sa bayan ng Wuhan sa bansang Tsina. Pagsapit ng ika-7 ng Enero, ang mga kinauukulan sa Tsina ay tinukoy ito at pansamantalang pinangalanan na 2019-nCoV bilang ito ang natukoy na sanhi ng sakit. Makalipas ang ilang linggo, idineklara ng WHO ang mabilisang pagkalat ng COVID-19 at itinuring na Public Health Emergency of International Concern pagsapit ng Enero 30, 2020. Buwan ng Pebrero nang magkaroon ito ng opisyal na pangalan – ang COVID-19. Sa mga unang buwan ng pag-iral ng COVID-19, ang mga awtoridad sa pandaigdigang pangkalusugan, mga ahensya ng gobyerno ng iba't ibang bansa, at maging ang publiko ay hindi tiyak kung paano kumakalat ang sakit at paano nito maaapektuhan ang pang-araw-araw na pamumuhay (Moore, 2021).

Batay sa World Health Organization's Coronavirus disease (COVID-19) Situation Report 1 Philippines (2020), nagkaroon ng mga komite na nagsilbing tagapag-ugnay, tagapagtala ng mga bagong kaganapan at tagapagpatupad ng mga alituntunin upang maiwasan at/o mapabagal ang pagkalat ng sakit na kauri ng mga *virus* gaya ng Middle-East respiratory syndrome coronavirus (MERS-CoV) at ang Severe Acute Respiratory Syndrome coronavirus (SARS-CoV) na may pagkahalintulad sa COVID-19. Nabuo ang Inter Agency Task Force (IATF) at ang Inter Agency Technical Working Group (IATWG) for the Management of Emerging Infectious Diseases. Madalas naririnig sa mga patalastas, balita sa radio at telebisyon ang mga bagong protokol at mga terminolohiyang ginagamit sa tinatawag na *New Normal*. Pinaigting ang pagkakaroon ng Enhanced Community Quarantine hindi lamang sa sentro ng bansa maging sa iba't ibangng panig ng Pilipinas. Hindi pinayagan ang anumang uri ng pagkilos at paglabas ng mga mamamayan maging ang mga pampublikong transportasyon. Kasabay ng pagkawala ng pampublikong transportasyon, ang tila ba pagkapilay ng mga manggagawa at maging ng lakas-paggawa ng buong bansa. Pansamantalang ipinasara ang mga paliparan, pagpapahinto ng mga gawaing ekonomikal lalo kung hindi ito itinuturing na esensyal ng pamahalaan.

Sa malawakang pagtingin, hindi lamang ang Pilipinas ang nakaranas ng mga ganitong pagkilos at implementasyon ng mga batas upang maiwasan ang pagkalat ng naturang sakit. Sa isang artikulo na may pamagat na Nutrition amid the COVID-19 pandemic: a multi-level framework for action noong 2020 binanggit na:

> *COVID-19 world pandemic imposed a new set of challenges for the individual to maintain a healthy diet. First, the state of lockdown announced in many countries around the globe led all public and private sector institutions, with the exception of*

> *health care facilities and a limited number of essential services, to close down and, if possible, carry its operations remotely (without face to face interactions). Individuals were asked to stay home and avoid contact with other people. Such measures of self-isolation and social distancing are known to be crucial in limiting the spread of the virus, flattening the curve of incidence rate, and ultimately disease containment. These measures have severe repercussions on both food access and utilization. Food access, however, is dependent on factors that could reach beyond the individual and are more directly related to actions and policies at the community, national as well as global levels* (Naja and Hamadeh, 2020).

Kasabay ng pagkakaroon ng mga bagong alituntunin at pagsasailalim sa buong bansa sa tinatawag na Enhanced Community Quarantine upang mapabagal at maiwasan ang pagkalat ng sakit, nagkaroon ng kanya-kanyang dilema ang pamilyang Pilipino sapagkat limitado lamang ang paglabas nila sa kanilang tahanan upang maghanapbuhay at humanap ng kanilang makakain na sasapat sa kanilang pangangailangan.

Tunay na yumanig ang ganitong karanasan sa bawat bansa sa buong mundo. Higit din naging hamon ang pamamahala at pamamalakad ng mga bansa upang matugunan ang mga pangangailangan ng bansang nasasakupan na humaharap sa hamon ng pandemya. Kung babalikan ang karanasan ng Pilipinas sa pagharap ng pandemya maging sa mga kontrol na isinagawa ng pamahalaan, tila maaaring lingunin ito sa panahon ng kolonisasyon ng Espanya – ang epidemya ng Cholera na tila naging dahilan sa pagbura ng kolonya sa pagitan ng mga taong 1820 hanggang 1902. Sinasabing ang Cholera na mula sa Asia o Asiatic Cholera ay hindi pa nararanasan ng mga doktor mula Europa kaya naman tila wala silang kaalaman kung paano haharapin ang ganitong kaganapan. Ilan sa kanilang mga isinagawang solusyon ay ang pagpapamigay ng mga gamot o tonic subalit ito ay lalong naging sanhi ng pagkalat ng sakit. Taong 1820, nang tuluyang lumala ang sitwasyon at nagdulot ng panlipunang kaguluhan. May mga riot na nagmumula sa mga karatig bayan ng Maynila na nagresulta sa pagkamatay ng mga dayuhan at ang mga mahihirap na may sakit ay nagtutungo sa mga manggagamot na tinaguriang Native Sorcerers. Bukod sa pandemya ng Cholera na nararanasan ay tila sumasabay ang kaguluhan sa sentro. Batay sa tala:

> *The experience of the 1820 epidemic as a time of chaos was constantly at the back of the minds of colonial health officials during subsequent visitations. Medical and sanitary practices that were devised in succeeding decades had the additional, if not essential, function of maintaining public order* (Ileto, 1997).

Katulad ng naranasan ng Pilipinas maging ng buong daigdig, hindi lamang ang sakit na umusbong ang naging mapanghamon bagkus kung paanong kikilos ang pamahalaan at matiwasay na makokontrol maging ang pagkilos ng mga tao sa bansa at mismong komunidad.

Bukod sa usaping pampublikong kalusugan, nagkaroon din nang mataman at matigas na implementasyon ng mga batas upang mapanatili ang katiwasayan sa buong bansa, partikular na sa karanasan ng Pilipinas.

Kagaya sa karasanan ng kolonyal na Pilipinas sa pagharap sa Cholera, tila may pagkakahawig ang paghawak ng pamahalaan noong panahon ng COVID-19. Noong 1882 na hinaharap ang Cholera, makikita ang presensya at pagkilos ng mga pari – kastila at katutubo, *gobernadorcillos* at iba pang mga opisyal. Agad na hinuhuli ang mga indibidwal na hindi nakikiisa sa pagkilos upang mapigilan ang pagkalat ng Cholera. Makikita ang papel at pagkilos maging ng mga *guardia civil*, lokal na opisyal, at mga tinataguriang *ranking principals*.

Bukod sa karanasan sa Cholera, muli itong naulit sa pamahalaang kolonyal ng Amerika nang sapitin ang Influenza noong 1918 at muling nagpamalas ng pamamaraang authoritarian ang mga namamahala sa bansa upang malimitahan at mapigilan ang pagkalat ng sakit sa buong populasyon. At sa kaso ng nagdaang COVID-19, ipinamalas ng administrasyong Duterte isang tila military-style approach para matugunan ang isang tinuturing na public-health emergency at dito natunghayan at naranasan ng lahat ang tinatawag na disciplinary quarantine (Aguilar Jr., 2020).

Kaya naman kung titignan tila may pagkakahawig ang ganitong pagkilos lalo na sa kaigtingan ng pandemya sa Maynila. Bukod sa mataas na pangangailangan sa mga doktor, *nurse* at iba pang mga healthcare practioner/worker, makikita ang kongkreto at malawakang presensya ng mga kapulisan, kasundaluhan, lalo't higit ng mga namumuno sa kanya-kanyang mga bayan o siyudad.

Ang bawat indibidwal at ang buong komunidad ay humaharap sa takot na hatid ng pandemya at nakaranas ng iba't ibang mga kautusan, batas, ordinansa upang mas malimitahan at mabawasan ang pagkalat ng sakit. Kaya naman ang implementasyon ng iba't ibang kontrol kaya ng MECQ, ECQ at GCQ sa komunidad ay naghatid ng iba't ibang karanasan sa mga tao lalo na sa sentro ng Pilipinas – ang Maynila.

Layunin ng papel na ito ang mga sumusunod:

1. Matukoy ang demograpikong propayl ng mga piling sambahayan sa Barangay 630, 628, 591, at 592 sa Sta. Mesa, Maynila.
2. Malaman ang karanasan ng mga piling sambahayan sa Barangay 630, 628, 591, at 592 sa Sta. Mesa, Maynila sa panahon ng pandemya sa ilalim ng Enhanced Community Quarantine.

**Ang Pagsisimula ng Enhanced Community Quarantine**

Bilang tugon sa tumataas na bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa Metro Manila, ipinahayag ni Pangulong Rodrigo Duterte noong Marso 12, 2020 ang pagpapatupad ng Community Quarantine sa Metro Manila simula Marso 15, 2020 hanggang Abril 14, 2020. Isa sa mga naging hakbang ay ang pagbawal sa pagpasok at paglabas mula sa Metro Manila, pagsuspinde ng mga klase sa lahat ng antas at maging ang mga trabaho sa mga tanggapan ng ehekutibo. Mariing ipinagbawal din ang malalakihang pagtitipon, at ipinatupad ang social distancing sa mga pampublikong lugar. Noong Marso 16, 2020 sinimulang ipatupad ang Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa buong Luzon hanggang Abril 12, 2020. Huminto ang operasyon ng pampublikong transportasyon sa Luzon, at mahigpit na ipinagbawal ang internasyonal at lokal na paglalakbay papasok at palabas ng Luzon. Isinara ang maraming uri ng hanapbuhay at pinanatili ang mga negosyong nagbibigay ng pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain at gamot. Ipinatupad din ang curfew sa pamamagitan ng mga lokal na ordinansa upang walang tao sa kalsada mula 8 ng gabi hanggang 5 ng umaga (Yap, Tiquia, at Sinsuat, 2020).

Pangalawa sa pinakamalaking lungsod sa National Capital Region o NCR na may populasyon na 13,484,462 milyon (PSA, 2020) ang Maynila ay isa rin sa may pinakamaraming populasyon maging sa buong mundo. Tinangka ng lungsod na pigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng pagpapatupad ng matitinding lockdown at curfew. Sa kasagsagan ng pandemya noong 2020, nakadagdag sa suliranin ang mahirap na akses sa malinis na tubig, malinis na pampublikong sanitasyon lalo na sa mga lugar na maraming tinuturing na informal settlers na naninirahan sa may kasikipang lugar na may hindi magandang kondisyon na matatagpuan sa mga barangay sa lungsod. Ang tila kakulangan sa malinaw at mabilis na aksyon sa nasyonal na pamahalaan lalo na sa noo'y kalihim ng kalusugan ang ilan sa mga salik na nakadagdag sa pangamba ng publiko sa tugon ng pamahalaan. Ang katotohanan na ang sistemang pagkalusugan sa Pilipinas ay hindi sapat at handa upang harapin ang pandemya ay lumutang kasabay ng mga sunod-sunod na anunsyo ng mga ospital sa Maynila na hindi na nila kaya pang tumanggap ng karagdagang pasyente na mayroong COVID-19 (Calimbahin, 2021).

Dahil sa angking taas ng populasyon ng Maynila at bilang sentro na rin ng Pilipinas kung saan mas nakatutok ang mainstream media, hindi maiiwasan na dito nakaabang ang mga nangangambang mamamayan sa bawat kaganapan na ibabalita na magmumula rito dahil sa pandemya. Bukod na rin sa mga bagong luklok ang mga namumuno sa panahon ng pagputok ng pandemya sa ilang lungsod ng NCR, dito rin nagmula ang bugkos ng mga tao na nagsiuwian patungo sa kani-kanilang mga probinsya na nakaranas ng samu't saring problema dahil sa higpit at restriksyon sa pagkilos sa bawat lungsod. Kaya naman napakalaking epekto ang naidulot nito sa mga indibidwal sa bawat anunsyo o anyo ng kontrol na mayroon sa nasabing lungsod.

Lumabas noong Marso 24, 2020 sa isang media platform na Devex ang artikulong To contain the spread of coronavirus, Manila grapples with lockdown na isinulat ni Jenny Lei Ravelo na nagsasalaysay ng pagsisimula ng nakaambang Enhanced Community Quarantine. Marso 16 ng taong kasalukuyan, sa harap ng isang daang milyong tagapanood ay inanunsyo ng Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang pagtatalaga ng Enhanced Community Quarantine sa buong isla ng Luzon. Ang utos na ito ay tugon sa pagpigil sa pagkalat ng tinawag na Novel Corona Virus, isang pandemya na sumasalanta sa buong mundo. Layon nito na limitahan ang pagkilos ng mga tinatayang 16 milyong tao na naninirahan at naghahanapbuhay sa buong kalakhang Maynila. Noong panahon na iyon ay 552 pa lamang ang naitalang bilang ng kaso at 35 ang mga naitalang binawian ng buhay dahil sa sakit na ito.

Natigil ang pasok sa lahat ng antas ng edukasyon sa buong Luzon at ipinagbawal ang maramihang pagtitipon. Lahat ng biyahe palabas at papasok ng Luzon ay sinuspinde, lahat ng establisyemento maliban lamang sa mga nagbibigay ng esensyal na serbisyo gaya ng pagkain at pangkalusugan, ay inatasang magsarado. Gayundin, lahat ng pampublikong transportasyon ay suspindido. Kasabay nito, ang mga tinatawag na frontliner gaya ng mga healthcare worker, mga nagtitinda sa loob ng mga pamilihang pinagkukunan ng pagkain, mga nagtatrabaho sa mga BPO at ilang mga tinukoy na APOR o Authorized Person Outside Residence ay pinapayagang lumabas. Isang kinatawan lamang ng tahanan ang pinapayagang lumabas upang mamili ng kanilang pagkain at iba pang mga pangangailangan.

Sa isang artikulo naman na nailathala sa Flanders Trade noong Abril 28, 2020, binanggit ang serye ng pagsasailalim ng kabuuang Metro Manila sa Enhanced Community Quarantine mula Marso, Abril, Mayo hanggang sa pagkakatungo nito sa tinatawag na General Community Quarantine (GCQ) na mas maluwag kaysa ECQ pagtungtong ng Hunyo.

Sa pagitan ng mga buwang ito dulot pa rin ng ECQ, batay pa rin sa artikulo, nakapagtala ng mga seryosong hamon ang mga sektor gaya ng retail industry, real estate at mga industriyang nagmamanupaktura. Higit dalawang milyong mga manggagawa ang nawalan ng hanapbuhay sa unang limang linggo ng malawakang ECQ. May mga negosyong nagsara at ang ilang manggagawa ay humarap sa tinatawag na alternative work arrangement na nagresulta sa pagbaba ng mga oras at araw na kanilang pagpasok at may direktang epekto sa kanilang mga sweldo.

Sa sitwasyong ito, gayong lahat ng tao sa lipunan ay apektado, mas nakalalamang pa rin sa pagkalugmok ang mga kabilang sa tinatawag na urban poor. Gayong may mga hakbangin ang pamahalaan upang matugunan ang kanilang pangangailangan at pagkawala ng mapagkakakitaan, marahil ay hindi ito sasapat sa milyong-milyong bilang nila na mula hindi lamang sa Kalakhang Maynila bagkus sa buong kapuluan.

Sa bisa ng Republic Act No. 11469 o kilala bilang "Bayanihan to Heal as One Act" nagkaroon ng tugon ang pamahalaan lalo na sa pagbibigay tulong at serbisyo sa mga mamamayang apektado ng pandemya. Yamang malaking porsyento ng populasyon ang nawalan ng hanapbuhay dulot ng mga hakbanging isinagawa ng pamahalaan upang mapabagal ang pagkalat ng sakit, isinulong ang pagbibigay ng cash assistance sa mga pamilya na mahihirap. Bukod pa ang pamimigay ng mga relief goods sa bawat tahanan ng pamilyang Pilipino.

Kasabay ng tinatawag na New Normal ay ang mga tuntuning bago sa sistema ng bawat pamilyang Pilipino. Gaya na lamang na hindi pinapayagang paglabas sa tahanan ng mga may edad 21 pababa at maging ng mga matatanda, buntis at yaong may mga karamdaman. Naging hamon sapagkat naging limitado ang galaw ng mga tao sa lansangan. Tanging isa lamang bawat pamilya ay pinahihintulutang bumili ng mga pangunahing pangangailangan gaya ng pagkain, gamot at iba pa.

Sa panahong ito, nangibabaw ang mga pagkaing proseso at de lata kaya naman naging isang punto ng rekomendasyon ang pagkakaroon ng masustansyang pagkain sa kabila ng nararanasang pandemya. Naging maugong at usap-usapan ang mga Local Government Unit o LGU na nakakapagpamahagi ng mga sariwang prutas at gulay maging mga buhay na manok sa kanilang mga nasasakupan. Kagaya halimbawa sa Bocaue, Bulacan sa pangunguna ng kanilang Alkalde na si Hon. Eleanor Joni Villanueva-Tugna na bumili ng mga gulay gaya ng broccoli, repolyo, sayote, patatas, and carrot mula sa Cordillera Administrative Region na siyang ipinamigay sa kaniyang nasasakupan.

**Sambahayan sa Panahon ng Pandemya: Pamilyang Pilipino sa kasagsagan ng Enhanced Community Quarantine**

Naging maigting ang paglaban ng mga lungsod sa National Capital Region (NCR) sa pagpapabagal at pagpigil sa pagkalat ng sakit simula nang ideklara ang Enhanced Community Quarantine sa buong Luzon at isa na rito ang Metro Manila na may mahigit labintatlong milyong populasyon (Philippine Statistics Authority, 2020).

Hindi naging madali sa bawat sambahayan ang pagpapataw ng iba't ibang kontrol at kaparaanan upang mapigilan ang pagkalat ng sakit sa buong komunidad. Ang mga kilos ng indibidwal ay tila napigilan maging ang kanilang mga pang-araw-araw na gawain. Ang mga transportasyon ay biglang nawala maging ang mga hanapbuhay ay naaapektuhan din. Binanggit sa artikulo na Old Ways and New Fears: Bayanihan and COVID-19 na:

> *In a bid to contain the spread of the virus, the Philippine government declared a national State of Calamity for six months on 16 March. It also imposed a*

*temporary Enhanced Community Quarantine (ECQ) initially only on Luzon Island but subsequently extended to designated high-risk. areas (mainly large cities and their surrounding hinterlands) across the archipelago (Official Gazette 2020a, c). Under the ECQ, people's rights to movement were restricted and a mass lockdown instituted: schools were closed, shops were shut, public transport was suspended, mass gatherings were prohibited, and international travel was barred. work-from-home scheme was introduced, only excluding military personnel and those providing essential frontline health and emergency services. People were confined to their homes, and only a single designated household member was permitted outside to buy essential foods and medicines. The ECQ also instituted strict social distancing protocols where people in public places must observe a one-meter distance from each other* (Bankoff, 2020).

Noong nakalipas na buwan ng Abril, nagpamahagi ang Pamahalaang Lungsod ng Maynila sa pangunguna ng Alkalde ng lungsod na si Hon. Francisko "Isko" Domagoso ng 235,000 relief goods sa 352 na barangay at iba pang pangangailangan para sa mga pamilya na naninirahan sa Maynila. Gayundin, mayroong mga ipinamahagi na cash assistance sa 568,000 na pamilya na siyang lokal na bersyon ng Social Amelioration Program (SAP) na kanilang tinawag na City Amelioration Crisis Assistance Fund (CACAF) sa bisa ng City Ordinance No. 8625.

Ang Sta. Mesa sa Maynila bilang isang bahagi ng ikaanim na distrito ng Pamahalaang Lungsod na ito ay binubuo ng dalawampu't apat (24) na barangay na humarap sa hamon ng pandemya at sa iba't ibang mukha ng Community Quarantine.

Iba pang hamon sa panahon na ito ng pandemya bukod sa limitadong kilos ng mga mamayan at biglaang kawalan ng hanapbuhay at mapagkakakitaan, ay ang kasapatan ng mga pagkaing inihahain sa hapag ng bawat pamilyang Pilipino lalo na sa mga matataong lugar sa kamaynilaan.

Ipinaliwanag sa papel na Nutrition amid the COVID-19: a multi-level framework for Action na naghatid ng panibagong hamon sa buong mundo ang COVID-19 at isa na rito ang pagpapanatili ng malusog na diet. Anila, ang estado sa iba't ibang panig ng mundo ay nag-anunsiyo ng malawakang lockdown sa kanila-kanilang bansa. Ang mga tao ay nanatili sa bawat tahanan upang maiwasan ang pakikisalamuha sa ibang tao. Batay pa rito, ang ganitong senaryo ay nagsanga ng mga pangyayari na nakaaapekto maging sa iba pang mahahalagang aspekto ng buhay ng mga Pilipino:


*Such measures of self-isolation and social distancing are known to be crucial in limiting the spread of the virus, flattening the curve of incidence rate, and ultimately disease containment. These measures have severe repercussions on both food*

*access and utilization. Food access, however, is dependent on factors that could reach beyond the individual and are more directly related to actions and policies at the community, national as well as global levels. That said, the individual remains capable of making a few choices related to food utilization. The confinement to one's home has direct effects on one's lifestyle, including dietary habits, eating, and physical activity patterns* (Naja at Hamadeh, 2020).

Gaya nang binanggit nina Naja at Hamadeh, nagkaroon ng malaking epekto sa sambahayang Pilipino ang ECQ na ipinatupad sa Metro Manila at sa mga lalawigan sa buong Pilipinas na nagdulot ng kahirapan sa pagtamasa ng masusustansyang pagkain na may malaking epekto upang mapanatiling malusog ang pangangatawan. Bukod pa rito, may karampatang bahagi ang bawat lebel mula global, nasyonal, komunidad, at indibidwal upang maitaguyod ang mga pangangailangan lalo't higit sa panahon ng pandemya.

**Pigura 1**

*Multi-level framework of action to support nutrition during the COVID-19 Pandemic.*
(mula sa pag-aaral nina Farah Naja at Rena Hamadeh na Nutrition amid the COVID-19 Pandemic: a Multi-level Framework for Action)





Mula sa balangkas na ito hinalaw angmga rekomendasyon upang mas malinaw na maipakita ang mga pangangailangan sa pagkilos at inaasahang gagawin na mas makatutulong sa pagharap sa pandemya gaya ng naranasan ng buong mundo.

Sa indibidwal na lebel, inaasahan na makakakain ng sapat at balanseng pagkain at panatilihin ang malusog na pamumuhay. Inaasahan din ang pag-iwas sa pagpapakalat ng mga maling impormasyon higgil sa sakit. Sa lebel ng komunidad, inaasahan na maihatid ang mga maaaring mangyari kung magkakaroon ng pag-ipit o hindi pagpapamahagi ng mga pagkain; tukuyin at suportahan ang mga populasyon na bulnerable sa pagkakaroon ng malnutrisyon, mga matanda, ang mga may sakit; Bumalangkas ng mga plano at maaasahan na sistemang suporta upang masigurado ang pagkakaroon ng akses sa mga murang pagkain para sa buong komunidad. Sa nasyonal na lebel ay inaasahan na matukoy, makapaglaan ng pondo/pampinansya, at makapagpamahagi ng pagkain na abot-kaya na tumutugon sa pangangailanagan pangkalusugan ng buong populasyon; masiguro ang gamit ng lokal na agrikultural na inilalabas ng bansa, at mabawasan na umasa sa pag-angkat ng pagkain mula sa labas. Ang pinakahuli ay ang global na lebel na tiyak na patuloy na paggalaw ng pandaigdigang kalakalan, hanggat maaari ay maiwasan ang mga restriksyon o pagbabawal lalo't higit kung benepisyal sa mga produktong pagkain; mabawasan ang ipinapataw na taripa sa mga inaangkat na produkto at iba pang restriksyon sa mga produktong pagkain (Naja at Hamadeh, 2020).

**Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral**

**Paradigma Blg. 1**

*Konseptuwal na Balangkas gamit ang Multi-level Framework for Action nina Naja at Hamadeh (2020)*




Mula sa mga piling pamilyang Pilipino na naninirahan sa Lungsod ng Maynila, partikular ang mga barangay sa ilalim ng ika-6 na Distrito, Brgy. 630, 628, 591, at 592 ay

kinalap ang mga tugon, pananaw, saloobin, naratibo at pagsang-ayon sa mga natanggap na tulong mula sa pamahalaan (Nasyonal at Lokal). Gabay ang Multi-level Framework for Action nina Naja at Hamedeh (2020) sinipat kung sa ganitong direksyon ipinagkaloob ang tulong na makapagpapagaan sa mga pasanin at hamong kinaharap ng mga pamilyang sumailalim sa Enhanced Community Quarantine o ECQ. Gamit ang talatanungan at impormal na pakikipag-usap sinikap na makuha ang danas, naratibo at alaala ng ilang Pamilyang Pilipino sa piling lugar sa Metro Manila habang nasa ilalim ng Enhanced Community Quarantine**.**

**METODOLOHIYA**

Ang pag-aaral na ito ay maituturing na pinaghalong kwalitatibo at kwantitatibong pananaliksik o tinawatawag na mixed-method. Layunin nitong kumalap nang malawak na datos at makakuha ng mga tugon mula sa mga naratibo na nagpapakita at tumatalakay sa danas ng indibidwal o partikular na pangkat daan tungo sa pagbuo ng komprehensibong pag-unawa sa isang penomenon o suliranin ng pananaliksik.

Noong nakaraang Hunyo 2020, kasabay sa pagdiriwang ng ika-122 na Araw ng Kalayaan, nagkaroon ng isang gawain sa pagtutulungan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at Hukbong Sandatahan ng Pilipinas mula sa Civil Relations Group ng Camp General Emilio Aguinaldo upang makapaghatid ng tulong sa piling komunidad malapit sa unibersidad. Inilunsad ang Community Mobile Kitchen sa pangunguna ng AFP Civil Relations Services at mapalad na nakapamahagi ng lutong pagkain sa higit 3,000 sambahayan sa paligid ng PUP. Ilan sa mga naging benepisyaryo ang mga namamasada ng pedicab at traysikel, mga nagpapatakbo ng troli sa riles ng tren sa bahagi ng Sta. Mesa, mga naninirahan sa paligid ng PUP kasama ang mga residente ng Barangay 630, 628, 591, at 592. Nakatanggap rin ang mga mga-aaral na noong panahon na iyon ay istranded sa kani-kanilang inuupahang kuwarto o bahay.

Mula sa ganitong napakahalagang pagkakataon ay nakapamahagi ng 160 na talatanungan sa mga piling barangay na naging benepisyaryo ng Community Mobile Kitchen upang malaman ang karanasan ng piling sambahayan sa Sta. Mesa, Maynila habang may Enhanced Community Quarantine sa kabisera ng bansa. Mula sa 160 na naipamigay ay 100 talatanungan lamang ang nakolekta pabalik ng mananaliksik.

Sa pamamagitan ng talatanungan ay nakapangalap ng datos ang mananaliksik mula sa mga kalahok na nananirahan sa mga piling barangay na malapit sa PUP. Binubuo ng tatlong bahagi ang talatanungan. Una, ang personal na impormasyon ng mga respondente kasama ng kanilang edad, estadong sibil, kasarian, bilang ng anak na mayroon sa pamilya, pagkakaroon ng may kapansanan na kapisan sa tirahan o pamilya, pagkakaroon ng matatanda o Senior Citizen na kapisan sa bahay o sa pamilya, uri ng kanilang hanapbuhay, uri ng kanilang

tirahan, buwanang kita, at bilang ng mga miyembro sa pamilya na mayroong hanapbuhay lalo na sa panahon ng pandemya. Ang lahat ng ito ay pawang ipinroseso na may kaakibat na konpidensyalidad upang makatugon sa Republic Act 10173 o ang Data Privacy Act of 2012.

Sa punto ng pagbibigay ng interpretasyon sa mga nakalap na datos ay gumamit ang mananaliksik ng pamamaraang estadistikal na pagkuha ng bahagdan upang epektibong maipakita ang bilang ng mga tumugon sa bawat komponent na nilalaman ng unang bahagi ng instrumento.

Narito naman ang pormula sa pagkuha ng bahagdan (B) o %:

$$\% = \frac{DT}{n} x\ 100$$

na ang:
% – kinakatawan ng B na ang ibig sabihin ay bahagdan
*DT* – kumakatawan sa dalas ng tugon ng respondente
*n* – bilang ng tugon ng respondente

Ang ikalawa at ikatlong bahagi ng talatanungan ay naglalaman ng mga pahayag na nararansan ng pamilya sa panahon ng Enhanced Community Quarantine na may kinalaman sa mga aspektong medikal, pinansyal, at pangkalusugan. Gamit ang pamamaraang estadistikal sa pagkuha ng Binalanseng Mean ay naproseso ng mananaliksik ang mga tugon ng mga pinagsama-samang respondente.

Makikita sa ibaba ang pormula sa pagkuha ng Binalanseng Mean (BM) o Weighted Mean*:*

**BM = ∑(DT( 1-3 ) kung saan ang**
**BM – Binalanseng mean**
**DT – Dalas ng tugon**
**1-3 – takdang marka**
**N – bilang ng respondente**

Magkatuwang ang Binalanseng Mean (BM) at ang 3-Point Likert Scale sa pagproseso at pagtumbok sa mga datos na nagmula sa mga respondente na sumagot sa talatanungan. Binigyang pagpapakahulugan ang Likert Scale bilang:

> *Likert scaling is a psychometric concept commonly used in survey research that uses guide questionnaires that need responses in scales from the subject or respondents of interest. It is a widely used scale in many fields of discipline most particularly in the social science research like in education and psychology. It is a scaling method in which a statement can be responded positively or negatively* (Pimentel, 2019).

Mula sa mga nakahaing pahayag sa talatanungan ay pumili ang mga respondente kung ang mga kalahok ay Sumasang-ayon, Walang tugon, o Hindi sumasang-ayon. May katumbas na numerikal na interpretasyon ang bawat berbal na pamimilian na kinakatawan ng 3-point Likert Scale. Makikita sa ibaba ang bawat interpretasyong banggit:

*Karanasan ng Sambahayang Pilipino sa Panahon ng Pandemya*

| Berbal na Interpretasyon | Numerikal na Interpretasyon |
|---|---|
| Masidhing sumasang-ayon | *3.00-2.34* |
| Bahagyang sumasang-ayon | *2.33- 1.67* |
| Di sumasang-ayon | *1.66- 1.00* |

*Kalagayan ng Sambahayang Pilipino sa Panahon ng Pandemya*

| Berbal na Interpretasyon | Numerikal na Interpretasyon |
|---|---|
| Tunay na Nagagawa | *3.00-2.34* |
| Bahagyang Nagagawa | *2.33- 1.67* |
| Hindi Nagagawa | *1.66- 1.00* |

Ang mga talatanungan na ipinamahagi sa mga respondente ay tinasa at sinuri ng noo'y kasalukyang Direktor ng Extension Management Office ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas at kapwa mga nagsisilbing hepe (Chief) sa naturang tanggapan noong panahon ng pagsasagawa ng pananaliksik. Gayundin, ang talatanungan ay dumaan sa piling dalubguro ng Kagawaran ng Filipinohohiya – Kolehiyo ng Artes at Literatura ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas para sa kanilang pagtatasa at ebalwasyon ng naturang instrumentong ginamit upang makapangalap ng datos.

**Etikal na Konsiderasyon sa Pananaliksik**

Sa pagsasagawa ng di-pormal na panayam (walang istrukturang panayam) sa ilang piling respondente mula sa apat (4) na barangay sa ika-6 na Distrito ng Sta. Mesa, lungsod ng Maynila, mahigpit na isinunod ang mga etikal na konsiderasyon upang matiyak ang proteksyon at kompidensyalidad ng mga kinapanayam. Bagaman sa panahong kinalap ang datos ay walang pormal na pagsasailalim sa proseso tulad ng pagkuha ng ethics clearance, tiniyak ng


mananaliksik na ang mga layunin ng pananaliksik ay naipaliwanag nang maayos, ang mga datos at impormasyon ay maingat na ipinroseso at walang anumang impormasyon na ginagamit na taliwas sa orihinal na layunin ng pananaliksik. Walang anumang mga personal at maseselang detalye ang kinalap na isinama sa pananaliksik bilang pagpapahalaga sa pribadong katauhan ng mga respondente na nagpaunlak sa panayam. Ang maingat na pagtitiyak sa mga hakbang at sa integridad ng mga kasapi ay daan upang makamit ang kabutihan at kawastuhan ng pananaliksik para sa lahat ng nakibahagi sa buong proseso. Ang pagtalima sa isang etikal na proseso ng pananaliksik na kinasasangkutan ng mga tao ay daan tungo sa isang malinis, tama at mahusay na pagbuo ng makabuluhang pananaliksik.

## RESULTA AT TALAKAY SA PAG-AARAL


Makikita sa bahaging ito ang mga nakalap na datos mula sa pag-aaral na may pamagat na Kalagayan ng Pamilyang Pilipino sa Panahon ng Pandemya: Muling Paglingon sa Karanasan ng Piling Barangay sa Sta. Mesa, Maynila sa ilalim ng Enhanced Community Quarantine 2020.

**Demograpikong Propayl ng mga piling Sambahayan sa Barangay 630,628, 591, at 592 sa Sta. Mesa, Maynila**


**Pigura Bilang 1**
*Edad*




**Pigura Bilang 2**
*Estadong Sibil*





**Pigura Bilang 3**
*Kasarian*





Makikita sa pigura bilang 1, 2 at 3 ang mga komponent na Edad, Estadong Sibil at Kasarian ng mga respondente mula sa mga Barangay 630, 629 at 628 ng ika-6 Distrito, Sta. Mesa, Maynila.

Sa tugon ng 100 respondente, makikita na may pinakamataas na tugon ang may Edad na 31-35 taong gulang na may 38%; Mayroong asawa na may 43%; at kalalakihan na mayroon 47% na tugon mula sa nakalap sa talatanungan.


**Pigura Bilang 4**
*Bilang ng Anak*




**Pigura Bilang 5**
*PWD sa Pamilya*





**Pigura Bilang 6**
*Senior sa Pamilya*




Makikita sa pigura bilang 4, 5 at 6 ang mga deskripsyon na Bilang ng kanilang anak, pagkakaroon ng miyembro sa pamilya na mayroon kapansanan at ang pagkakaroon ng miyembro ng pamilya na Senior Citizen ng mga respondente mula sa mga Barangay 630, 629 at 628 ng ika-6 Distrito, Sta. Mesa, Maynila.


Sa tugon ng 100 respondente, makikita na may pinakamataas na tugon ang may bilang ng anak na 1 hanggang 3 na may 56%; Mayroong PWD na miyembro ng pamilya na 46%; at may Senior Citizen sa pamilya na 53% na tugon mula sa nakalap sa talatanungan.

**Pigura Bilang 7**
*Uri ng Hanapbuhay*



**Pigura Bilang 8**

*Uri ng Tirahan*





Makikita sa pigura bilang 7 at 8 ang mga deskripsyon na Uri ng Hanapbuhay at Uri ng Tirahan ng mga respondente mula sa mga Barangay 630, 629 at 628 District 6, Sta. Mesa, Maynila.

Sa tugon ng 100 respondente, makikita na may pinakamataas na tugon ang may hanapbuhay na Kontraktuwal sa Pribadong Kumpanya na may 35% at mga nagsabing nangungupahan na may 44% bilang tugon mula sa nakalap sa talatanungan.


**Pigura Bilang 9**

*Buwanang Kita*




**Pigura Bilang 10**

*Bilang ng Miyembro ng Pamilya na mayroong Trabaho*



Makikita sa pigura bilang 9 at 10 ang mga deskripsyon na buwanang kita at bilang ng miyembro ng pamilya na mayroong trabaho na mga respondente mula sa mga Barangay 630, 629 at 628 ng District 6, Sta. Mesa, Maynila.

Sa tugon ng 100 respondente, makikita na may pinakamataas na tugon ang may buwanang kita na P4,999.00 na 36%; mga nagsabing may 1 hanggang 3 miyembro ng pamilya na may hanapbuhay na 49% bilang tugon mula sa nakalap sa talatanungan.

Sa isang report na inilabas ng JPMorgan Chase & Co. noong Abril 2020, ang bawat pamilya ay nangangailangan ng akses sa medikal na impomasyon at pangangalaga subalit lumalabas sa pananaliksik na ang gastos sa COVID-19 testing at lunas ay kanila pa rin iniisip. Ito'y maaaring magbago depende sa kapasidad ng mga pamilya pagdating sa pinagkukuhanan ng panggastos na nakaaapekto sa kanilang desisyon kung sila pa ba ay magpapagamot. Gayundin, sa dami ng mga negosyo na naapektuhan at tuluyan nang nagsara, ang mga manggagawa ay tuluyan nang nagsibalikan sa kani-kanilang mga tahanan at hindi naman makahanap agad ng pagkakakitaan kaya maraming pamilya ang nakaranas ng kawalan ng mapagkukuhanan ng pera. Lumabas din sa pag-aaral na maraming pamilya ang kakikitaan ng malaking pagbaba o pagbabago sa source of income at ang mga napabibilang sa mga low-income na pamilya ay mas apektado sa mga tinatawag na downside risk. Ang epekto ng COVID-19 ay umabot sa trabaho lalo na ang mga kumikita batay sa oras o tinawag na hourly worker. Mahalagang makita rin na ang mga restriksyon sa pagkilos lalo na sa lokal na lebel ay nakadagdag sa malaking kawalan para sa mga pamilyang kabilang sa low-income earner maging ang mga matatanda/senior citizen na konsumer (Farrell, Greig, at Wheat, 2020).

**Talaan 1**

*Pagharap sa Hamon ng Pandemya: Sambahayang Pilipino sa Gitna ng ECQ*

| Karanasan ng Sambahayang Pilipino sa Panahon ng Pandemya | Numerikal na Interpretasyon | Berbal na Interpretasyon<br>Masidhing Sumasang-ayon (2.34 – 3.00)<br>Bahagyang sumasang-ayon (1.67 - 2.33)<br>Hindi Sumasang-ayon (1.00 – 1.66) |
|---|---|---|
| 1. Nakatatanggap ng tulong/ayuda gaya ng pagkaing de lata, noodles, gulay, bigas at iba pa habang nasa ilalim ng ECQ ang Metro Manila. | 2.96 | Masidhing Sumasang-ayon |
| 2. Nakatatanggap ng tulong pinansyal mula sa lokal at nasyonal na pamahalaan habang nasa ilalim ng ECQ ang Metro Manila. | 2.48 | Masidhing Sumasang-ayon |

| Karanasan ng Sambahayang Pilipino sa Panahon ng Pandemya | Numerikal na Interpretasyon | **Berbal na Interpretasyon**<br>Masidhing Sumasang-ayon (2.34 – 3.00)<br>Bahagyang sumasang-ayon (1.67 - 2.33)<br>Hindi Sumasang-ayon (1.00 – 1.66) |
|---|---|---|
| 3. Nakatanggap ng tulong-medikal gaya ng *maintenance medicine,* bitamina at iba pa ang mga matatanda at mga taong may pre-existing na karamdaman. | 1.73 | Bahagyang sumasang-ayon |
| 4. Nakatanggap ng tulong na may pokus sa kalusugang pangkababaihan gaya ng *contraceptives, hygiene kit* . | 1.68 | Bahagyang sumasang-ayon |
| 5. Nakatanggap ng tulong para sa mga bata gaya ng vitamins, diaper (tela/disposable) at iba pa. | 1.64 | *Hindi sumasang-ayon* |

Sa 100 respondente mula sa Barangay 630, 628 at 629 ng Sta. Mesa, Maynila, nakuha ang Binalanseng Mean (BM) bilang pangkalahatang kasagutan mula sa mga nakalatag na maaaring naranasan ng bawat sambahayan habang nasa ilalim ng mahigpit na ECQ ang kabuuan ng Kamaynilaan.

Ayon sa kanila, sila ay *Masidhing sumasang-ayon* na naranasan nila na nakatatanggap ng tulong/ayuda gaya ng pagkaing de lata, noodles, gulay, bigas at iba pa habang nasa ilalim ng ECQ ang Metro Manila na mayroong 2.96 BM; *Masidhing sumasang-ayon* na naranasan nila na nakatatanggap ng tulong pinansyal mula sa lokal at nasyonal na pamahalaan habang nasa ilalim ng ECQ ang Metro Manila na mayroon 2.48 BM; *Bahagyang sumasang-ayon* naman kung naranasan nila na nakatanggap ng tulong-medikal gaya ng maintenance medicine, bitamina at iba pa ang mga matatanda at mga taong may pre-existing na karamdaman na may 1.73 BM at nakatanggap ng tulong na may pokus sa kalusugang pangkababaihan gaya ng contraceptives, hygiene at iba na mayroon 1.68 na BM. Samantalang *Hindi sumasang*-ayon ang mga respondente na sila ay nakaranas ng nakatanggap ng tulong para sa mga bata gaya ng vitamins, diaper (tela/disposable) at iba pa na mayroong 1.64 na BM.

Sa inilabas na Joint Statement on Nutrition in the contect of COVID 19 Pandemic in Asia in the Pacific ng UNICEF, WHO, FAO, at WFP (2020), tinalakay ang kalagayan ng pamilya sa akses at pagkonsumo sa maayos at masustansyang mga pagkain:

> *The COVID-19 outbreak is having a dramatic impact on the lives of families in Asia and the Pacific. Many people have lost their jobs or livelihoods, children are no longer accessing school meals, and some families are struggling to buy their usual*

> *range of foods. People are having to spend more time at home and there could be a shift towards non-diversified diets, with increasing consumption of pre-packaged processed foods and decreasing consumption of nutritious foods, including whole fresh fruits and vegetables. The current circumstances may aggravate the already difficult situation that many families face in accessing affordable quality diets. Food systems and supply chains are being disrupted by lockdowns and restrictions* (Joint Statement on Nutrition in the Context of the COVID-19 Pandemic in Asia and the Pacific, 2020).

Batay pa rito, ang isang balanse, magkakahalo, at masusustansyang pagkain na kasama sa diet ay maaaring mga tinuturing na whole grains, madahong gulay, prutas, mga karne ng mula sa kinakaing hayop, ay isang mahalagang paraan sa pagtataguyod ng kalusugan at kahusayan ng nutrisyon na makapag-aambag sa pagpapanatili ng malakas na sistema ng katawan maging ng resistensya. Upang makamit ito, kinakailangang makatanggap ng suporta ang tinatawag na sistemang pampagkain o food system at marapat magpatuloy ang tinatawag na supply chain upang makapagbigay ng sapat na dami ng pagkain, maiwasan hanggang mabawasan ang pagkakaaksaya ng pagkain, at pagtitiyak na lahat ay makatatanggap ng pagkain kabilang na ang mga maralita na siyang dapat ay nakatatamasa ng sapat na dami ng pagkain na mayroon kalidad kaakibat ang pagiging mura nito at ligtas kainin. Mula rito, inihain ang mga rekomendasyon na siyang kinakailangan lalo't higit na humaharap ang bawat bansa sa isang pademya na humahamon sa kalagayang pangkalusugan ng mga mamamayan ng bawat bansa:

1. Suporta para sa mga bulnerable mamamayan mula sa urban at rural na lugar upang makatamasa ng masustansyang pagkain *(Support vulnerable people to access nutritious foods in both rural and urbal areas)* – tumutukoy ito sa mga sambahayan na walang kakayahang bumili ng masusustansyang pagkain dulot ng pagkawala ng mga trabaho o pinagkakakitaan. Ang suporta ay maaaring nasa anyo ng pagbibigay programang pangkomunidad maging mga proteksyon para sa mga naninirahan sa komunidad.
2. Suporta sa pagkilos ng supply chain ng pagkain at mabawasan ang pagkawala at pagkasayang ng mga pagkain.
3. Magbigay ng tamang impormasyon kung paano mapanatili ang masustansyang pagkain para sa lahat lalo na sa mga bata, buntis, nagpapasusong ina, matatanda at may mga karamdaman.
4. Itaguyod ang mga pamantayan sa kalinisan sa paghahanda ng pagkain kabilang na ang paghuhugas ng kamay bago at tuwing maghahanda ng pagkain.
5. Itaguyod at ibahagi na ang mga kinagisnang kasanayan ay kritikal sa pagpapanatili ng kaligtasan at kalusugan.

Sa kabilang dako, sa ganitong panahon na limitado ang akses ng indibidwal sa mga pagkain, tansportasyon maging sa mismong pagkilos upang makatamasa ng mga pangangailan ng buong pamilya, ang pamahalaan ang mas may kakayahan upang tugunan ang mga pangangailangan ng mamamayan lalo't higit sa panahon ng pandemya.

Sa pambansang lebel, habang ang pamahalaan ng iba't ibang bansa sa buong mundo ay humaharap sa hamon dulot ng COVID-19 at ang mga matitinding epekto nito sa sistemang pangkalusugan o Healthcare System, nahaharap din ang mga ito sa unti-unting pagbagsak ng kanilang ekonomiya at ang pag-usbong ng banta sa kawalan ng seguridad sa pagkain. Kaugnay nito ang mga hamon na makapagbigay ng sapat at masusustansyang pagkain sa panahon ng pandemya. Mahalaga ang matalino at maingat na pagpaplano sa pambansang antas upang mapalakas ang kahandaan ng bansa at kabilang rito ang paglikha ng mga patakaran upang suportahan ang produksyon, pagpapamahagi, at pagtamasa sa mga pagkain ng bawat komunidad (Naja and Hamadeh, 2020).

**Talaan 2**

*Kalagayan ng Sambahayang Pilipino sa Panahon ng Pandemya*

| Kalagayan ng Sambahayang Pilipino sa Panahon ng Pandemya | Numerikal na Interpretasyon | Berbal na Interpretasyon<br>Tunay na nagagawa (2.34 – 3.00)<br>Bahagyang nagagawa (1.67 - 2.33)<br>Hindi nagagawa (1.00 – 1.66) |
|---|---|---|
| 1. Nakalalabas at nakabibili ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng masusustansyang pagkain (gulay, prutas, bigas, isda at karne) maliban sa mga pagkaing pinroseso (*processed)* gaya ng mga de lata, noodles at iba pa. | 1.36 | Hindi nagagawa |
| 2. Nakapaghahain ng masustansyang pagkain nang tatlong (3) beses o higit pa para sa buong pamilya. | 1.69 | Bahagyang nagagawa |
| 3. Nakapagluluto ng mga pagkaing may sapat na nutrisyon para sa mga miyembro ng pamilya gaya ng bata at matatanda. | 1.74 | Bahagyang nagagawa |
| 4. Nakapaghahain ng mga pagkaing may sapat na nutrisyon para sa mga inang nagpapasuso ng sanggol | 2.09 | Bahagyang nagagawa |

| Kalagayan ng Sambahayang Pilipino sa Panahon ng Pandemya | Numerikal na Interpretasyon | Berbal na Interpretasyon<br>Tunay na nagagawa (2.34 – 3.00)<br>Bahagyang nagagawa (1.67 - 2.33)<br>Hindi nagagawa (1.00 – 1.66) |
|---|---|---|
| 5. Nakapaghahain ng mga pagkaing may sapat na nutrisyon para sa mga kasama sa bahay na mayroong espesyal na pangangailangan gaya ng mga may kapansanan (Persons with Disability) | 2.17 | Bahagyang nagagawa |
| 6. Nakapaghahanda ng malinis, masarap at masustansyang pagkain para sa pamilya dahil mayroong kagamitang panluto, mga kumpletong rekado at iba pa. | 1.64 | Hindi nagagawa |

Sa 100 respondente mula sa Barangay 630, 628 at 629 ng Sta. Mesa, Maynila, nakuha ang Binalanseng Mean (BM) bilang pangkalahatang kasagutan mula sa mga nakalatag na maaaring kalagayan nila batay sa persepsyon ng bawat sambahayan habang nasa ilalim ng mahigpit na ECQ ang kabuuan ng Kamaynilaan.

Ayon sa datos na nakalap mula sa 100 respondente, Hindi nagagawa ng mga respondente na makalabas at makabili ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng masusustansyang pagkain (gulay, prutas, bigas, isda at karne) maliban sa mga pagkaing pinroseso (processed) gaya ng mga de lata, noodles at iba pa na may 1.36 na BM; Bahagyang nagagawa ng mga respondente na makapaghain ng masustansyang pagkain nang tatlong (3) beses o higit pa para sa buong pamilya na may 1.69 na BM; Bahagyang nagagawa ng mga respondente na makapagluluto ng mga pagkaing may sapat na nutrisyon para sa mga miyembro ng pamilya gaya ng bata at matatanda na may 1.74 BM; Bahagyang nagagawa rin ng mga respondente na makapaghain ng mga pagkaing may sapat na nutrisyon para sa mga inang nagpapasuso ng sanggol na mayroong 2.09 BM; Sa kabilang banda, bahagyang nagagawang mga respondente na makapaghain ng mga pagkaing may sapat na nutrisyon para sa mga kasama sa bahay na mayroong espesyal na pangangailangan gaya ng mga may kapansanan (Persons with Disability) na may 2.17 BM at ang huli ay nagpapakita na Hindi nagagawa ng mga respondente na makapaghanda ng malinis, masarap at masustansyang pagkain para sa pamilya dahil mayroong kagamitang panluto, mga kumpletong rekado at iba pa na mayroong 1.64 na BM.

Sinasabing batay sa mga nakalipas na karanasan sa paglaganap ng pandemya, may pangangailangan sa pagpapalaganap ng mga gawaing pampublikong kalusugan higit pa sa mga klinikal na pangangasiwa at mas palawakin pa upang mas maabot ang mga

basikong prinsipyo ng pangangasiwa at pagpapahusay sa mga kagamitan. Nang magsimula ang pandemya ng COVID-19, ang katatagan ng indibidwal maging ng buong komunidad ay umusbong bilang pangunahing depensa sa paghahanda sa sakuna o mga hindi inaasahang pangyayari. Ang estadong pangkaisipan maging ang pag-uugali ng indibidwal at ng komunidad ay mahalaga sa pagpapatatag at magpapabuti sa bisa ng pampublikong kalusugan habang nasa gitna ng pandemya gaya ng COVID-19. Ang estado ng nutrisyon na natatamasa ng isang indibidwal ay matagal nang kinokonsidera bilang indikasyon sa pagpapatatag laban sa mga hamon dulot ng pandemya. Sa anyo ng pagsubok at katatagan, ipinapakita na ang di-sapat na nutrisyon ay maaaring magdulot ng pangmatagalang epekto lalo sa kalusugan. Sa katunayan, ang mababang kalidad ng pagkain ay iniuugnay hindi lamang sa pisikal kung hindi maging sa mental na kalusugan ng isang indibidwal (Naja and Hamadeh, 2020).

**Naratibo at Alaala mula sa mga Miyembro ng Pamilyang Pilipino**

Sa mga komunidad na nakasalamuha at nakuhanan ng mga tugon, hindi maiiwasan ang mga saloobin na naibahagi upang maibsan ang mga karanasang nananahan sa kani-kanilang mga isipan. Ang kanilang mga karanasan ang magpapakita at magpapatunay kung ano ang mga naganap sa kanilang sambahayan habang nararanasan ang hamong dulot ng COVID-19 na sa hinagap ay hindi aakalaing tatama sa bansang Pilipinas.

Ilan sa mga nakapanayam ay ang miyembro ng pamilya na may kaunting kwento hinggil sa kanilang pinagdaanan. Isa na rito ang pamilya nina Lester. Noong unang mga linggo ng pagdedeklara ng lockdown ay agad naging limitado ang kanilang kilos. Bukod sa kinakailangan na magsuot ng facemask ay naging pahirapan ang pagbili ng pangangailangan dahil isa o dalawa lamang ang maaaring lumabas sa bawat bahay na utos ng barangay. Paglipas raw ng ilang buwan ay nagpositbo ang kaniyang ina sa COVID-19 at lahat sila ay nahawa na siyang lalong nagpahirap sa sitwasyon nila sa loob ng tahanan. Lalo silang nahirapang kumilos at bumili ng kanilang mga pangangailangan. Nagpasalamat na lamang siya dahil sa tulong ng kanilang barangay, inalalayan sila sa kanilang mga pangangailangan habang nagpapagaling.

Sa tahanan naman nina Nisa, hindi niya tunay na pangalan, ay naibahagi niya na hindi naging madali sa kanilang maliit na pamilya ang sumailalim sa Enhanced Community Quarantine o ECQ. Ang kanyang ama ay isang kontraktuwal na electrician at ang kanyang ina ay sa bahay lamang. Mabuti na rin daw na may kaunting naipon ang kanyang nakatatandang kapatid na babae mula sa pagiging call center kaya naman kahit papaano ay may nagastos sila sa mga unang buwan ng lockdown. Kalaunan ay nag-resign sa trabaho ang kanyang kapatid dulot na rin ng takot para sa kanyang kalusugan kaya naman tumindi ang pagtitipid na kanilang naranasan sa loob ng kanilang tahanan. Isa ring hamon sa kanilang pamilya ay ang pangungupahan dahil wala silang sariling bahay. Mabuti na lamang daw ay mabait ang

kanilang landlord at hindi sila nito pinaalis nang nahirapan silang makabayad at pumayag pang hulug-hulugan ang mga buwan na hindi agad nabayaran.

Sa punto de bista ng isang ina at maybahay na si Jona hindi nya na lubos maisipan paano pa magpapatuloy sa pag-aaral ang kanyang mga anak dahil sa mga pagbabagong dulot ng pandemya. Dumagdag pa nang lumaon ang pagbibigay ng mga module na sasagutan at ibabalik sa takdang araw. Hindi lamang pagkilos, paglabas at kalusugan ang naging hamon, kung hindi maging ang magturo sa kanyang mga anak.

Ilan sa mga nagbahagi ng pa ng kani-kanilang mga karanasan ay ang grupo ng mga trolly boys na nagpapabalik-balik mula Pandacan at Sta. Mesa, maging ang pedicab driver na naka-estasyon sa bahagi ng kalye ng Teresa malapit sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Isa sila sa mga natamaan at apektado ng pandemya. Una, wala na halos ang sumasakay dahil isa rin ito sa mga ipinagbawal. Limitado ang labas ng mga tao kaya limitado rin ang mga nagiging pasahero. Ang ilan sa mga drayber ay namumuhay mag-isa sa Maynila dahil ang kanilang mga asawa at anak ay nasa karatig na probinsya.

Hindi na sila halos makapagpadala ng pera sapagkat maging sila ay hirap sa paghahanapbuhay. Naging pag-asa nila ang mga ayudang ibinibigay ng lokal na pamahalaan at mga kanya-kayang pagkilos ng mga pribadong grupo at indibidwal na nagmamalasakit na magpahatid ng tulong. Ang ang lokal na barangay anila ay patuloy sa pamimigay ng mga pangangailangan tulad ng bigas, ulam at mga de lata na nakatulong maitawid ang kanilang pangangailangan.  Isang programa na ikinatuwa nila ay ang pagsasagawa ng Mobile Kitchen ng Armed-Forces of the Philippines – Civil Relations Service katuwang ang Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Sta. Mesa, Maynila. Nagbigay ng mga lutong pagkain sa mga ilang libong indibidwal sa paligid ng unibersidad kasama ang mga naestranded na mag-aaral sa kani-kanilang mga mga inuupahang bahay.

## KONKLUSYON

Ang bawat miyembro ng pamilya mula sa mga piling barangay sa Sta. Mesa, Maynila ay maituturing na mga kinatawan ng mga indibidwal maging ng mga apektadong komunidad sa buong Pilipinas nang tumama ang global na pandemya na COVID-19. Kagaya ng ibang pamilya sa iba't ibang dako ng mundo maging sa Pilipinas, binubuo ang kani-kanilang mga miyembro na may iba't ibang kasarian, edad maging estadong sibil. Maaaring sila ay mga solo parent, mag-asawa na kapwa nawalan ng hanapbuhay na may kasamang mga anak na nag-aaral na kapwa apektado sa mabilis na paghinto ng ikot ng mundo dahil sa pandemya. Hindi rin nakaligtas sa hindi magandang epekto ang mga matatanda o senior citizen na may mataas na tiyansang mahawa sa sakit dahil sa hina ng resistensya. Maging ang may mga kapansanan na sinisikap makalampas sa hamon ng hirap na dulot ng pandemya sa kabila ng hamon

na kanilang taglay sa kani-kanilang pisikal na katawan. Batay rin sa ilang datos, matinding naapektuhan ang mga trabaho hindi lamang gobyerno at pribado, maging ang mga hindi pormal na sektor sa paghahanapbuhay na umaasa lamang sa arawan na sahod. Makikita rin ang kaugnayan ng pisikal na kaligiran ng mga tinitirhan sa mabilis napagkalat ng sakit sapagkat mas madaling kumalat at makahawa ang sakit kung walang maayos na bentilasyon, maayos na espasyo at malinis na lugar ang mga komunidad. Bukod sa malawakang pagkakasara ng mga establisyimento at mga negosyo, makikita ang makabuluhang pagtaas ng mga nawalan ng trabaho at pagkukuhanan ng pagkakakitaan. Bago pa man ang pandemya ay naging hamon sa pamilyang kabilang sa low-income earner ang pang-araw-araw na gastos para sa kanilang kakainin at ipantatawid subalit mas lalo itong sumadsad pagsapit ng pandemya kung saan nalimitahan ng pamahalaan ang kilos ng mga tao upang makahanap ng mapagkukuhanan ng pantustos sa araw-araw.

Hindi naging madali ang karanasan at kalagayan ng sambahayan at buong komunidad sa panahon ng pandemya sapagkat kasabay sa pagbabago sa mga kontrol at katawagan sa mga restriksyon ay katumbas ng kanilang pagkilos kung paanong haharapin ang kinabukasan at paano makapaghahain sa kani-kanilang pamilya. Sa kabilang banda, may papel ang pamahalaan upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan kagaya nalamang ng pagpapatupad ng mga batas upang mas mapadaling mailabas ang mga pondo na magagamit upang matustusan ang mga komunidad na nasa ilalim ng mga lungsod. Batay sa kanila, nakatanggap sila ng mga tulong/ayuda gaya ng mga pagkaing de lata, noodles, maging gulay at bigas sa kasagsagan ng ECQ. Nakatanggap rin ng tulong-pinansyal mula sa pamahalaan subalit pagdating sa mga gamot na kailangan para sa ilang may pre-existing na karamdaman ay tila hindi ganoon kasapat. Marahil sa puntong ito ay walang stock na gamot para sa pangangailamngan ng ilang matanda dulot na rin sa hirap at restriksyon maging sa transportasyon. Gayundin, tila hindi nabigyan ng prayoridad ang kalusugan ng mga bata maging sanggol sapagkat hindi ganoong nakapamahagi ng mga bitamina na sa panahon ng pandemya ay tila mas kailangan sa pagpapalakas ng pangangatawan.

Pagdating sa mga pagkilos sa loob ng komunidad ay ramdam ang restriksyon ng mga tao sapagkat batay rin sa kanila ay hindi sila makalabas upang makabili ng mga pangunahing pangangailangan na taliwas sa naunang pagsang-ayon nila na sila ay nakatatanggap nito mula sa kani-kanilang lokal na pamahalaan. Nagpapakita lamang ito ng higpit at tuluyang pagkontrol sa pagkilos sa loob ng komunidad upang mas maiwasan ang galaw ng tao na makapag-aambag sa mabilis na pagkalat ng sakit. Hindi rin nila masabing nakapaghahain sila ng masusustansyang pagkain sapagkat bukod sa hirap kumilos at bumili ng pagkain ay salat na rin sa pera ang ilan upang piliin pang makabili ng mas masustanyang pagkain sa mga oras na iyon kaya kung ano na lamang ang matanggap mula sa mga ayuda at relief goods ng siyang pinagkakasya at inihahain sa pamilya.

Sa paglalahat, hindi naging maayos at matingkad ang pinagdaanan ng sambahayang Pilipino noong kasagsagan ng COVID-19 sa kabila ng mga pagsisikap ng pamalahaan na tugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng populasyon at ang tinatawag na Global health Emergency subalit hindi rin naman maaaring isantabi na ang pamahalaan ay nagsumikap na abutin ang bawat pamilya at upang matulungan sila sa pagharap sa hamong ito. Maaaring hindi man kasing tingkad at kasing husay sa pagharap gaya ng mga karatig bansa natin Asya subalit isa ito sa mga hamong sama-samang napagtagumpayan at nag-iwan ng malaking aral hindi lamang sa mga Pilipino kung hindi maging sa buong populasyon saan mang panig ng mundo.

## MGA SANGGUNIAN

Aguilar, F. V. (2020). *Covidscapes: The pandemic in the Philippines. Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints, 68*(3–4), 287–299. https://doi.org/10.1353/phs.2020.0021

Bankoff, G. (2020). *Old ways and new fears: Bayanihan and COVID-19. Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints, 68*(3–4), 467–475. https://doi.org/10.1353/phs.2020.0029

Calimbahin, C. (2021). *The city of Manila under COVID-19: Projecting mayoral performance amid crisis. Contemporary Southeast Asia: A Journal of International and Strategic Affairs, 43*(1), 70–76. https://muse.jhu.edu/article/796897

Centers for Disease Control and Prevention. (2020, February 11). *Coronavirus disease 2019 (COVID-19).* https://www.cdc.gov/covid/index.html

Farrell, D., Greig, F., & Wheat, C. (2020, April). *The potential economic impacts of COVID-19 on families, small businesses, and communities.* JPMorgan Chase Institute. https://www.jpmorganchase.com/institute/all-topics/financial-health-wealth-creation/potential-economic-impacts-of-covid-19-on-families-small-businesses-communities

Flanders Trade. (2020, April 28). *Coronavirus—The situation in the Philippines.* https://www.flandersinvestmentandtrade.com/export/nieuws/coronavirus-situation-philippines

Food and Agriculture Organization, United Nations Children's Fund, World Food Programme, & World Health Organization. (2020, April 17). *Joint statement on nutrition in the context of the COVID-19 pandemic in Asia and the Pacific.* https://www.unicef.org/rosa/press-releases/joint-statement-nutrition-context-covid-19-pandemic-asia-and-pacific

Ileto, R. (1997). Outlines of a nonlinear employment of Philippine history. In L. Lowe & D. Lloyd (Eds.), *The politics of culture in the shadow* (pp. 98–131). Duke University Press.

Moore, S. (2021, September 28). *History of COVID-19*. News-Medical. https://www.news-medical.net/health/History-of-COVID-19.aspx

Naja, F., & Hamadeh, R. (2020). Nutrition amid the COVID-19 pandemic: A multi-level framework for action. *European Journal of Clinical Nutrition, 74*(8), 1117–1121. https://doi.org/10.1038/s41430-020-0634-3

Philippine Statistics Authority. (2020, May 1). *SR 2020CPH_MNL_0*. https://rssoncr.psa.gov.ph/sites/default/files/SR%202020-CPH_MNL_0.pdf

Pimentel, L. J. (2019). Some biases in Likert scaling usage and its correction. *International Journal of Sciences: Basic and Applied Research, 45*(1), 183–191. https://www.gssrr.org/JournalOfBasicAndApplied/article/view/9874

Portus, L. M. (2018). *Doing social science research: A guidebook*. Philippine Social Science Council.

Ravelo, J. L. (2020, March 24). To contain the spread of coronavirus, Manila grapples with lockdown. *Devex*. https://www.devex.com/news/to-contain-the-spread-of-coronavirus-manila-grapples-with-lockdown-96823

World Health Organization. (2020, March 9). *Coronavirus disease (COVID-19) situation report 1: Philippines*. https://www.who.int/docs/default-source/wpro---documents/countries/philippines/emergencies/covid-19/who-phl-sitrep-1-covid-19-9mar2020.pdf

World Health Organization. (2020, March 11). *Coronavirus disease (COVID-19) situation report 2: Philippines*. https://www.who.int/docs/default-source/wpro---documents/countries/philippines/emergencies/covid-19/who-phl-sitrep-2-covid-19-11mar2020.pdf

Yap II, D. B., Tiquia, M. L. N., & Sinsuat, A. C. (2020, March 22). *#FlattenTheCurve: Effects of exposure risk reduction and quarantine policies on COVID-19 local transmission rates in the Philippines*. National Resilience Council. https://resiliencecouncil.ph/flattenthecurve-effects-of-exposure-risk-reduction-and-quarantine-policies-on-covid-19-local-transmission-rates-in-the-philippines-20-mar/

**TUNGKOL SA MAY-AKDA**

Si Glenda Deinla Salorsano ay nagtapos ng kursong Ph.D. in Philippine Studies na mayroong medyor sa Wika at kogneyt sa Kasaysayan sa ilalim ng Tri-College, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman Quezon City. Dalubguro sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas Sta. Mesa - Kolehiyo ng Artes at Literatura – Kagawaran ng Filipinolohiya at humahawak ng mga asignatura sa Filipinolohiya at Pambansang Kaunlaran, Pagsasalin, Intelektwalisasyon at iba pang medyor na inihahain sa kagawaran. Palagiang nakikibahagi sa mga internasyonal at nasyonal na presentasyon hinggil sa wika at kasaysayan, papausbong na manunulat at tagapagtaguyod ng wikang Pambansa sa akademikong larangan.